# Ang Karahasan sa Tahanan ay Isang Krimen

Ang Karahasan sa Tahanan ay nangyayari kapag ang isang tao ay nagpapanatili ng kontrol at kapangyarihan sa ibang tao sa pakikipagtipan, pag-aasawa, o pagsasama. Sa mga paraan ng pagkontrol ay kabilang ang pang-aabusong pangkatawan, sekswal, pandamdamin at pangkabuhayan, mga banta at paghiwalay. Habang ang karamihan sa mga nakaranas ng karahasan sa tahanan ay mga babae, ang parehong mga lalaki at babae ay maaaring makaranas ng karahasan sa tahanan. Malamang na natagpuan mo na ang iyong kakayahang gumawa ng mga desisyon ay inaagaw ng nang-abuso. Ang iyong mga kagustuhan at pagpili ay inalis, ang nang-abuso ay maaaring tratuhin ka ng tulad ng isang ari-arian na pag-aari niya, sa halip na bilang isang kapantay sa paggawa ng mga desisyon na nauukol sa iyong sambahayan, mga anak, o ibang mga bagay.

Sa ilalim ng batas ng Alaska, labag sa batas para sa ibang tao na may kaugnayan sa iyo na saktan ang iyong katawan sa anumang paraan, pilitin kang makipagtalik kapag ayaw mo, bantaan na sasaktan o papatayin ka o ang iyong mga anak, o sirain ang iyong ari-arian. Ang karahasan sa tahanan ay nangyayari kapag ikaw ay dumaranas ng pang-aabuso na pangkatawan, sekswal, o pandamdamin mula sa ibang tao na may kaugnayan sa iyo bilang:

- Isang asawa o dating asawa;
- Isang taong naging katipan, o kasalukuyang katipan mo;
- Isang taong nakipagtalik ka;
- Isang taong naninirahan, o dating naninirahang kasama mo, sa iisang sambahayan;
- Isang magulang, stepparent, lolo o lola, anak o apo, tiya, tiyo, pinsan, ikalawang pinsan o mga anak ng sinuman sa mga taong ito.

**Pang-aabuso ng katawan** ay ang paggamit ng pisikal na puwersa upang magdulot ng sakit o pinsala sa iyo. Maaaring kabilang dito ang pagkagat, pagsipa, pagsampal, pagtulak, pagsuntok, pagsakal (strangulation), pagpigil, pagkulong o paggamit ng mga sandata at mga bagay.

**Sekswal na pang-aabuso** ay pamimilit sa isang tao na lumahok sa hindi gustong pakikipagtalik, paggawa ng hindi ligtas o naghahamak na sekswal na aktibidad, paglimita sa sekswalidad ng isang tao at mga pagpili ukol sa pagkakaroon ng anak, pamililit sa isang tao na tumingin sa pornograpiya o paglahok sa mga hindi gustong pagkilos.

**Pang-aabuso ng damdamin** ay ang paggamit ng mga salita at aksyon na nagbabanta, naninindak, o nananakot sa iyo upang gawin ang gusto nila. Maaaring kaugnay dito ang mga banta na saktan ka o ang iyong pamilya, ang pang-aabuso ng mga paboritong hayop upang saktan ka, mga banta na kunin ang iyong mga anak kung aalis ka, pagsira ng mga bagay na mahalaga sa iyo, pagkakait ng pera, tulog, o pagmamahal, panliligalig sa trabaho, pagtawag ng mga pangalan, ginagawa kang katawa-katawa at ibang mga pasalitang pang-aabuso. Ang pang-aabuso ng damdamin ay maaaring ang pinakamahirap matuklasan, pero seryoso ring tulad ng pang-aabuso ng katawan.

## Planong Pangkaligtasan

Ang mga ito ay ilan sa mga paraan na nakatulong sa ibang mga biktima na protektahan ang mga sarili at ang kanilang mga anak:

- Sabihin sa mga kaibigan at pamilya na ikaw ay inabuso at maaaring kailanganin mo ang tulong nila sa hinaharap.
- Kung ang isang nakademanda ay inutusan ng korte na manatiling malayo sa iyong bahay, sabihin sa mga kapitbahay na tumawag ng pulis kung makita nila ang nakademanda na malapit sa iyong bahay. Sabihin sa kanila kung anong uri ng kotse ang minamaneho mo. Kung iiwan mo ang iyong bahay, sabihin sa iyong mga kapitbahay upang mabantayan nila ang iyong bahay. Sabihin sa kanila kung kailan ka babalik at bigyan sila ng numerong matatawagan nila kung may nakita silang kahina-hinala.
- Kung ikaw ay may telepono, humiling na may tumawag sa iyo kahit minsan sa isang araw upang malaman kung ikaw ay ligtas.
- Kausapin ang iyong pamilya at mga kaibigan tungkol sa isang natatanging password o lihim na hudyat na gagamitin mo kapag makikipag-usap sa kanila upang malaman nila na kailangan nilang tumawag ng pulis para sa iyo.
- Kung iiwan mo ang nagkasala, manatili sa mga kaibigan o pamilya, o sa iyong lokal na kanlungan hanggang makakuha ka ng utos na pagprotekta, o ang ibang mga pakikipag-ayos ay nagawa na nagpapadama sa iyo na ligtas ka bago maiwang mag-isa, o bumalik sa iyong bahay.
- Magpanatili ng isang bag ng nagtataglay ng mga bagay na pang-emerhensiya kabilang ang mga sertipiko ng kapanganakan, kard ng social security, ibang mahahalagang papel, ekstrang set ng mga susi ng kotse at bahay, at pera.
- Makipag-usap sa isang nakakaalam ng tungkol sa karahasan sa tahanan, tulad ng isang manggagawa sa isang programa sa karahasan sa tahanan. **Para sa isang programa sa karahasan sa tahanan sa iyong lugar tawagan ang Alaska Network on Domestic Violence & Sexual Assault - Pangunahing Telepono: 907-586-3650 o bisitahin ang www.andvsa.org.**
- Kung mayroon kang inaalala tungkol sa iyong kaligtasan kapag pumupunta sa korte, tawagan ang iyong tagapagtaguyod sa programa sa karahasan sa tahanan o ang iyong matatawagan sa Opisina ng Abugado ng Distrito.
- Magparehistro sa sistemang VINE upang ikaw ay mabigyan ng paunawa kung ang nang-aabuso ay pinalabas mula sa kulungan sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-247-9763 o bisitahin ang **www.vinelink.com**.

## Mga Utos na Pagprotekta

Ang mga Utos na Pagprotekta ay mga utos ng korte mula sa isang hukom na:

1. *Maaaring magsabi sa nang-abuso na siya ay hindi maaaring:*
   - Saktan ka sa anumang paraan;
   - Gumawa ng mga banta na saktan o ligaligin ka;
   - Pumasok sa iyong bahay, lugar ng trabaho, o sasakyang minamaneho mo;
   - Uminom ng alkohol;
   - Magdala ng nakamamatay na sandata, tulad ng kutsilyo o baril, kung ang sandata ay ginamit upang atakehin ka.
2. *Maaaring magsabi sa nang-abuso na siya ay kailangang:*
   - Umalis sa iyong bahay, kahit na ang nang-abuso ang may-ari ng bahay;
   - Pumuta sa programang pamamagitan sa nambubugbog at/o pagpapayo sa droga o alkohol;
   - Magbayad ng pera para sa suporta sa iyo kung mayroon na siyang obligasyon na gawin ito;
   - Magbayad ng pera para sa suporta ng iyong mga anak kung mayroon na siyang obligasyon na gawin (ang mga magulang ay laging may obligasyong suportahan ang sarili nilang mga anak);
   - Magbayad ng mga gastos na medikal na sanhi ng karahasan sa tahanan;

- Isuko ang lahat ng mga baril sa pulisya kung ang nang-abuso ay gumamit ng baril habang inaatake ka;
- Bilang karagdagan, ang hukom ay maaaring mag-utos na magkaroon ka ng pansamantalang pag-iingat ng iyong mga anak, at iutos na ang mga sasakyan at ibang mahahalagang bagay ay magamit mo, kahit na ang nang-abuso ang may-ari ng mga bagay na ito. Ang hukom ay maaari ring magsabi sa pulis na pumunta sa iyong bahay upang kunin ang iyong mga personal na gamit at tulungan kang kumuha ng sasakyan.

## Pag-aaplay para sa isang Utos na Pagprotekta

Hindi mo kailangan ng isang abugado upang mag-aplay para sa isang utos na pagprotekta. Maaaring ikaw mismo ang gumawa nito sa pamamagpitan ng pagpunta sa opisina ng klerk ng korte, paghiling ng pakete ng utos na pagprotekta, pagkumpleto rito, at pagharap nito sa korte. Ang mga Utos na Pagprotekta ay maaari ring matagpuan online sa **https://courts.alaska.gov/shc/shcdv.htm**

Gayon din, ang mga programa sa karahasan sa tahanan ay makukuha sa buong Alaska upang matulungan ka na kumuha ng utos na pagprotekta. Kung naninirahan sa isang lugar kung saan hindi ka makapunta sa opisina ng klerk ng korte, maaari kang makipag-ugnayan sa pinakamalapit na programa sa karahasan sa tahanan upang makipag-ayos na makakuha ng utos na pagprotekta sa pamamagitan ng telepono. Sa ibang estado, maaari kang tumawag sa National Domestic Violence Hotline sa 800-799-SAFE (7233) o 800-787-3224 (TTY) kung ikaw ay may kapansanan sa pandinig.

## Kabayaran sa Mararahas na Krimen

Ang Estado ng Alaska ay may Lupon sa Kabayaran sa Mararahas na Krimen (Violent Crimes Compensation Board), na maaaring magkaloob ng kabayaran sa mga biktima na napinsala ang katawan o damdamin sa isang marahas na krimen. Ang naturang kabayaran ay maaaring kabilang ang pangangalagang medikal para sa iyong mga pinsala, pagpapayong may kaugnayan sa biktima ng krimen, mga nawalang suweldo mo dahil sa mga pinsala, at iba pa. Maaari mong malaman kung paano mag-aplay sa pamamagitan ng pagtawag sa Lupon sa:

**Violent Crimes Compensation Board**
1-907-465-3040 o 1-800-764-3040
www.doa.alaska.gov/vccb

## Opisina sa mga Karapatan ng mga Biktima

Ang Opisina ng mga Karapatan ng mga Biktima (Office of Victims Rights,OVR) ng Estado ng Alaska ay nagkakaloob ng tulong na pambatas sa mga biktima ng krimen upang makakuha ng mga karapatan ayon sa batas na iginagarantiya sa kanila sa ilalim ng Saligang-batas ng Alaska at iba't ibang batas ng estado ng Alaska na nauukol sa kanilang mga kontak sa mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas at pag-uusig sa estadong ito. Ang opisina ay binubuo ng mga abugado at makukuha ng mga biktima nang walang bayad. Para sa karagdagang impormasyon mangyaring makipag-ugnayan sa:

**The Alaska Office of Victims' Rights**
Pangunahing Telepono: (907) 754-3460
Walang Bayad sa Alaska: 1-844-754-3460
Fax: (907) 754-3469
www.ovr.akleg.gov

## Mga Tagatulong

Pulisya – Sunog – Emerhensiyang Medikal:
**TUMAWAG SA 911**

***Para sa isang programa sa karahasan sa tahanan sa iyong lugar:***

Alaska Network on Domestic Violence & Sexual Assault - Pangunahing Telepono: 907-586-3650 o bisitahin ang: **907-586-3650** o bisitahin ang: www.andvsa.org

National Domestic Violence Hotline sa **800-799-SAFE (7233)** o 800-787-3224 (TTY) kung ikaw ay may kapansanan sa pandinig.

Kung kailangan mo ng isang interpreter ipagbigay-alam po lamang sa opisina ng abugado ng distrito. Bibigyan ka ng isa nang wala kang babayaran.

*Proyektong sinusuportahan ng pagpopondo mula sa Opisina ng Karahasan Laban sa mga Babae (Office of Violence Against Women), Kagawaran ng Hustisya ng U.S. (U.S. Dept. of Justice). Ang mga pananaw sa dokumentong ito ay mula sa mga awtor at hindi kumakatawan sa opisyal na posisyon o patakaran ng Kagawaran ng Hustisya ng U.S. Binago: 8/19*



# Impormasyon Tungkol sa Karahasan sa Tahanan

